

www.kidworship.kr




29Page



30Page



31Page



32Page

# Ang Kasalan sa Cana

– 5th Story–

**NAR** Matagal na panahon na ang nakalilipas, may isang kasalan sa isang maliit na bayan na tinatawag na Cana sa Galilea. Nadoon sa kasalan sila Jesus, ang kanyang mga alagad, at ang Kanyang nanay na si Maria. Lahat ng bisita sa kasalan ay masayang kumakain at umiinom.

**Master of the Feast** Kain pa kayo! Maraming pagkain. Diba't nakakatuwang pagmasdan ang mga bagong kasal? Hahahaha!

---

**NAR** Lahat ay nagkakasayahan pero biglang tumakbo palapit sa namamahala ng handaan ang isang katulong at sinabi:

**Servant 1** May problema tayo! Naubos na ang katas ng ubas ! Mas marami kaysa sa inaasahan natin ang mga bisitang dumating at ngayon wala nang natira kahit isang patak!

**Master of the Feast** Ano?! Wala nang katas ng ubas?? Naku, anung gagawin natin! Paano na ang kasalan kung walang katas ng ubas! Nakakahiya to! Anong ibibigay natin sa mga bisitang bumyahe pa ng malayo makarating lang dito?

**NAR** Nag-aalala ang namamahala ng handaan at hindi niya alam ang gagawin. Habang naghahanap siya ng paraan, natuklasan ni Maria na nanay ni Jesus na naubos na ang katas ng ubas. Kaya hinanap niya si Jesus.

---

**Mary** Jesus, narinig ko na naubos na ang katas ng ubas para sa kasalan. Pwede ka bang tumulong?

**NAR** Sumagot si Jesus sa nanay Niyang si Maria.

**Jesus** Hindi pa po ito ang tamang panahon.

**NAR** Hindi maintindihan ni Maria ang lahat ng sinabi ni Jesus, pero naniwala siya na tutulong si ito. Kaya sinabi nya sa mga katulong na sundin ang anumang iutos ni Jesus.

---

**NAR** Sa kasalan ay may anim na banga na ginagamit sa paghuhugas ayon sa tuntuning panrelihiyon ng mga Judio. Sinabi ni Jesus sa mga katulong:

**Jesus** “Punuin ninyo ng tubig ang mga banga.”

**NAR** Hindi maintindihan ng mga katulong pero sinunod nila ang sinabi ni Jesus. Pinuno nila ng tubig ang mga banga.



33Page



34Page

**Jesus** "Kumuha kayo ng kaunti at dalhin ninyo sa namamahala ng han-daan."

---

**NAR** Nag-aalala pa rin ang namamahala ng handaan at hindi niya alam ang gagawin.

**Master of the Feast** Nakakahiya talaga ito! Anong gagawin ko? Saan ako hahanap ng katas ng ubas para sa mga bisita?

**Servant 1** Sir, tikman mo ang katas ng ubas na 'to.

---

**NAR** Natuwa ang namamahala ng handaan nang matikman ang katas ng ubas na dinala sa kanya ng katulong. Hindi nya alam kung saan galing iyon pero tuwang-tuwa siyang lumapit sa lalaking ikinasal.

**Master of the Feast** “Ang masarap na katas ng ubas ay unang inihahain; kapag marami nang nainom ang mga tao, saka inihahain ang mababang uri. Ngunit sa huli ninyo inilabas ang masarap na katas ng ubas!” Wow! Haha-haha.

**NAR** Nang araw na iyon, tuwang-tuwa ang lahat ng bisita sa masarap na katas ng ubas na ginawa ni Jesus mula sa tubig. Nagsaya sila hang-gang matapos ang kasalan.